

TALUMPATI PARA SA PROGRAMA NG PAGTATAPOS 2019

ni AMELIA LAPEÑA-BONIFACIO

NATIONAL ARTIST FOR THEATRE & LITERATURE
& UNIVERSITY PROFESSOR EMERITUS

PANGULONG DANILO CONCEPCION, LUPON NG MGA REHENTE, CHANCELLOR MICHAEL LIM TAN, MGA OPISYALES NG UNIBERSIDAD, KAPWA GURO AT KAWANI, MGA MAGULANG AT PANAUHIN AT MGA MAGSISIPAGTAPOS SA ARAW NA ITO, ISANG MAGANDANG UMAGA!

Laking gulat ko nang matanggap ko ang opisyal na paanyaya na nagsasabing napili akong Commencement Speaker sa Ika-108 General Commencement Exercises ng ating mahal na unibersidad. Taus puso akong nagpapasalamat kay Pangulong Concepcion, Chancellor Tan at sa komiteng nangangasiwa ng programang ito.

Ang salitang TAHANAN ang unang salitang nais kong itanim sa isipan ninyo.

Dalawampu't siyam na taon akong nakatira sa loob mismo ng UP Campus at nagpapasalamat ako sa pagkakataong ito dahil tunay na masarap manirahan dito. Tahimik, payapa at nakakaengganyong mag-isip at lumikha. Sa gilid mismo ng aming tahanan sa A. Mabini Street, Area 1 ay naitayo naming mag-asawa ang isang munting teatro para sa mga bata. Dito kami nagtatanghal ng mga puppet show para sa mga bata, nagwo-workshop at nagpupuyat para matapos ang mga gagamitin sa bagong palabas.

Kaya't nang magreretiro na kami, mahigpit na bilin ng aking kabiyak na si Dr. Manuel Bonifacio, na malapit din sa UP ang aming lilipatan. Sa kabutihang palad ay nakahanap kami ng aming sariling tahanan dyan sa Teacher's Village.

Bakit mahalaga ang tahanan?

SA TAHANAN, nadarama ang pagmamahal at pag-aaruga,

SA TAHANAN ay maaring magpapahinga, kumain, uminom

SA TAHANAN, may makikinig sa iyong kuento, masaya man o malungkot

SA TAHANAN puwede kang mangarap at lumikha

Subalit hindi rin naman parating ginhawa ang nararanasan natin sa isang tahanan. Kung minsan ay may away, tampuhan, samaan ng loob na nagdudulot ng lungkot at pighati. Dito tayo pinatatahan. Kung susuriin ang etimolohiya ng salitang tahanan, ito ay tahan-an o lugar na may seguridad, pook ng *renewal* o pagbabago. Ang kabiyak kong guro ng sosyolohiya ang nagbanggit sa akin niyan.

Ang UP ang aming pangalawang tahanan. November 1948 ako unang pumasok sa UP bilang English major. Wala pang UPCAT noon. 1949 nang ilipat ang campus dito sa UP Diliman. Matalahib at masukal pa noon dito. Kasama kaming nagtanim ng mga punong acacia dyan sa Academic Oval, nagdiwang ng Arbor Day at Cadena de Amor.

Tulad ng UP Diliman, 70 years na rin ang aking ugnayan sa ating mahal na unibersidad--naging estudyante, library assistant, guro, kaibigan, asawa at ina. Sinong mag-aakala na tatagal ako ng ganito dito sa UP? Dito na pumuti ang buhok ko dahil sa dami ng gawain ng guro, administrator, mananaliksik at alagad ng sining. Pero very fulfilling ang maging bahagi ng UP.

Eh ano ba ang maihahabilin nitong lola na nasa harapan ninyo ngayon?

Mahalaga ang may pangarap, may ambisyon, subalit kailangang balansehin ito ng pagtanggap sa realidad. Sa dami ng gusto nating gawin ay kailangang tukuyin ang prayoridad. At sa kagustuhan nating maabot ang pangarap kung minsan ay nadarapa din tayo. Matutong bumangon kapag nadapa. Hindi ito katapusan ng mundo. Ibig sabihin lamang ay may mali o kulang sa ginawa natin kaya't magpursigi upang mapagtagumpayan ito. At ang huli ay maglingkod ng may dangal, buong husay at walang hinahanap na kapalit.

Ang lahat ng ito ay dahil sa mga aral at karanasan sa loob ng 2,3,4 o higit pang taong paninirahan dito sa Unibersidad.

Mahalaga ang pangarap at ambisyon. Pinangarap kong maging mahusay na manunulat. Bata pa lang ako ay mahilig na akong magbasa. Kahit nga pinapatulog na ako ng aking inay ay nagtatalukbong ako ng kumot at pasikretong magbabasa gamit ang flashlight. Sa high school ay sumali ako sa school paper at pinalad na maging literary editor ng Arellano Chronicler.

Pagpasok ng UP ay kumuha ako ng AB English at mapalad na naging guro sina Francisco Arcellana at NVM Gonzales, parehong naging National Artist for Literature. Nang maging guro naman ako ay naging kaibigan ko na rin sila. Kasama ng iba pang guro ay masaya kaming nagkukuwentuhan o di kaya'y mainit naman ang talastasan habang kumakain sa Faculty Lounge. Malaya ang pagpapalitan ng mga ideya kahit nasa corridor ka lang ng Faculty Center. Nakakamiss na ang FC.

Salamat sa UP at pinalad din akong makapag-aral sa ibang bansa sa tulong ng Fulbright Smith-Mundt Scholarship. Habang nasa Amerika ay sabik na sabik akong makatanggap ng sulat mula sa aking pamilya upang makasagap ng balita ukol sa mga kaganapan sa ating bansa. Marami akong natutunan tungkol sa ating bansa ng mga panahong iyon. Dito ay tumagos rin sa akin ang mga realidad sa ating bansa.

Realidad – ito ang ikalawang salitang nais kong itanim sa inyong isip.

1957 nang una akong sumali sa University of Wisconsin playwriting competition. Ipinasa ko ang one-act play na *Sepang Loca* na tungkol sa buhay ng isang sawimpalad na babae. Sa

limang professor judges, dalawa ang nagbigay ng 1st prize ngunit may pangatlong nagsabing, "18 characters, 3 scene changes in a one act play! This playwright should be taught economy." At nirank niya ako ng zero. Kaya bumaba ang ranggo ng aking dula mula 1st prize ay naging 3rd prize.

Kaya noong 1958 ay sinigurado kong ang paksang tatalakayin ng aking dulang, ROOMS, ay paksang malapit sa kulturang Amerikano--ang buhay ng mga kababaihan sa dormitoryo at ang isyu ng aborsyon.

Dapat ay 1st prize ako dahil tatlong judge-professor ang nag-rank sa akin. Hindi na naman ako nanalong 1st ay mas maraming palakpak naman ang natanggap nito kaysa sa naging 1st prize nang itanghal ang mga dula sa entablado. At na-publish pa bilang acting edition ng Row & Peterson of New York.

Dahil nagtapos ng AB English ay mas madalas akong sumulat sa wikang Ingles. Subalit hindi ibig sabihin nito ay hindi na ako makabayan. Nagkataon lamang na mas bihasa ako sa wikang ito at dito ko naipapahayag ang aking nasasa-isip.

Pero nagbago ang lahat ng ito nang makailang ulit na hiniling na maisalin ang aking dulang *Walking Canes and Fans*--ang dula tungkol sa rebolusyon at buhay ni Andres Bonifacio. Kaya't nasabi ko sa aking sarili na mula noon ay sa Filipino na ako magsusulat ng mga dula.

Taong 1973 nang mabigyan ako muli ng pagkakataong makapaglakbay sa Asya upang obserbahan ang mga dulaang pambata at dito ay nabighani ako sa sining ng papetri. Ang bunraku ng Japan at wayang golek at wayang kulit ng Indonesia. Ipinangako ko sa aking sarili na balang araw ay dadalhin ko ang sining na ito sa Pilipinas.

Ito ang aking naging ambisyon at pangarap. Dalawang salitang nais ko ring itanim sa inyong isip.

Noong mga 1970s ay sikat na sikat rin ang Sesame Street at Voltes Five dito sa Pilipinas. Wala pang gaanong palabas para sa mga bata at children's books. Dahil lumalaki na rin ang aking anak na si Amihan, naisip kong magsulat ng mga kuwentong bayan hango sa Pilipinas at Timog Silangang Asya upang maipakilala ko ito sa kanya at kalauna'y sa iba pang mga bata.

Taong 1977 nang maanyayahan akong magtanghal ng aking dula at naisip kong gawin ang Abadeja: Ang Ating Sinderela. Isang kuwento mula sa Baybay, Leyte na ginawa naming puppet show. Naging matagumpay ang pagtatanghal at dinala pa namin ito sa UP Baguio. At dahil madalas pa rin akong bisitahin ng mga estudyanteng nag-volunteer na mag-puppeteer ay naisipan kong buuin ang Teatrong Mulat ng Pilipinas. Bakit 'mulat' ang napili kong pangalan? Ito ay dahil nais kong mamulat ang mga kabataan sa yaman at ganda ng kuwento at kulturang Pilipino at Asyano. Mahalagang kilalanin muna ang sarili bago kilalanin ang ibang banyagang kultura.

And the rest is history, sabi nga nila. Apatnapu't dalawang taon na ang Teatrong Mulat. Patuloy pa rin kaming nagtatanghal para sa mga bata, mga guro at magulang. Nagsasagawa na rin kami ng mga puppetry workshops para sa malikhaing pagpapahayag tulad noong magkaproyekto kami kasama ang UNICEF. Hiniling nilang magsagawa kami ng workshop para sa mga day care workers para magamit ang puppetry sa pagbibigay ng ginhawa sa mga nasalanta ng bagyong Yolanda.

Tunay na makapangyarihan ang papel ng arte at literatura hindi lamang upang mapabuti ang sarili kundi upang makapaglingkod sa ating kapwa.

Kaya para sa ating mga magsisipagtapos ngayong araw, huwag kalilimutang kayo ang pag-asa ng bayan. Bukod sa husay at dangal ay mahalagang may pagmamahal--Pagmamahal sa sarili, sa kapwa at sa bayan.

Alagaan at mahalín ang sarili. Matutong magrelax paminsan minsan dahil baka stress pa ang maging sanhi ng iyong pagkakasakit. Mahalin ang kapwa, gaya ng pagmamahal mo sa iyong sarili. Ang iyong kapwa ang iyong magiging sandigan sa oras ng pangangailangan at maging ng kasiyahan.

At mahalín ang iyong bayan. Kung mahal mo talaga ang iyong bayan, ay lalabanán mo ang korapsyon, hahanap ka ng solusyon sa malagim na epekto ng climate change.

Para maiwasan ang korapsiyon, mamuhay ng simple. Isang buhay na makabuluhan para sa kapwa. Ipinakita ito sa atin ni DR. JOSE RIZAL nang mamuhay siya sa Dapitan. Dito ay ipinamalas ni Dr. RIZAL na hindi lahat ay tungkol sa teoriya at ideyalismo. Lalong mahalaga ang tunay na paggawa, ang tunay na solusyon upang masugpo ang kahirapan. Ito ang kaniyang mensahe sa lahat sa atin na nakapag-aral, isang buhay na hindi pansarili kundi pangkawanggawa. Bawat isa sa atin ay may responsibilidad na tumulong sa ikabubuti ng ating bayan.

Kahit maliit tayong bansa ay binigyan tayo ng Maykapal ng masaganang likas-yaman. Kaya naman hindi nakapagtata kang maraming nagkakainteres dito. Ano na ang gagawin natin, nagkabanggaan lang naman daw yung mga bangka sa kalawakan ng dagat.

Bago ako magtapos ay hihilingin ko kayong pasalamatán at palakpakan ang inyong mga magulang, kapatid, kamag-anak, kaibigan at lahat ng nakasama ninyo sa inyong tahanan. Tunay na mahalaga ang kanilang naging suporta sa inyo.

Ang pagtuturo, pananaliksik, pagsusulat at pagtatanghal para sa mga bata ang naging buhay ko sa loob at labas ng UP. Bonus na lang itong pagiging National Artist at Commencement speaker.

Ang Unibersidad ng Pilipinas ang aking pangalawang tahanan sa loob ng 70 taon. Marahil hindi ako makakasulat ng lahat mga kuwento at dula, mga awit at tula kundi ako binigyan

ng espasyong pisikal at espasyong emosyonal ng aking mga pamilya at ng ating unibersidad. Hinubog ako ng UP kung sino ako ngayon at taus puso akong nagpapasalamat sa lahat ng aral na aking napulot dito. Dito ko iniluwal ang aking mga obra na siya kong inialay sa ating mga mamamayan.

“Bahay mo man ay bahay na bato kung nakatira ay kuwago, mas mainam na ang isang bahay kubo na ang nakatira ay tao.”

Para sa mga iskolar ng bayan, maging makatao at magpakatao. Balansehin ang gamit ng utak at puso. Gawing inspirasyon ang inyong ambisyon at pangarap, bitbit ang kaalaman at kasanayan, upang sa paglayag ninyo sa agos ng buhay ay makamit ninyo ang tagumpay para na rin sa ikauunlad ng ating bayan.

Muli, maalab na pagbati sa mga Iskolar ng Bayan dahil you deserve it. Mabuhay kayo at magandang umaga sa inyong lahat!